# Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan

Pinananatiling ligtas kayo at ang inyong komunidad mula sa malalaking sunog


## Ano ang Public Safety Power Shutoff (PSPS)?

Dahil ang malalakas na hangin ay puwedeng magdulot ng pagtama ng mga puno at debris sa mga linya ng kuryente at magsimula ng malaking sunog, puwede naming patayin ang kuryente para protektahan ang inyong komunidad. Tinatawag ito na Pagpatay ng Kuryente Para Sa Kaligtasan Ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS).

**Kaligtasan ang aming pinakamahalagang responsibilidad. Ang PSPS ay patuloy na ginagamit bilang huling hakbang para panatilihing ligtas ang mga customer.**

## Paano makatanggap ng abiso tungkol sa PSPS

Ibinabahagi namin ang impormasyon tungkol sa lagay ng panahon sa lalong madaling panahon. Layunin naming abisuhan kayo isa hanggang dalawang araw bago ang isang PSPS.



**I-update ang inyong contact information sa pge.com/myalerts.**

Magbibigay kami ng abiso sa inyo sa buong panahon ng PSPS para ibahagi ang mga update at inaasahang oras ng pagpapanumbalik ng kuryente sa pamamagitan ng tawag, text at email para makatulong sa inyong paghahanda.

**ALAMIN ANG HIGIT PA**

Para malaman kung paano maghanda, bisitahin ang **pge.com/pspsresources** o tawagan kami sa **1-866-743-6589**.

Tingnan ang likod para malaman ang mga available na resource

# Maghanap ng suporta sa panahon ng isang PSPS


Makipag-ugnayan sa 211 California para makausap ang isang live agent tungkol sa inyong pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente. Tumawag sa **211,** mag-text ng **"PREPARE"** sa **211-211** o bisitahin ang **pge.com/211**.

## Ang 211 care coordinator ay puwedeng tumulong sa inyo na:

- Ikonekta kayo sa mga lokal na opsyon sa hotel at masasakyan
- Mag-secure ng kapalit na pagkain
- Makakuha ng referral sa mga programang pangkalusugan at pangkaligtasan at sa backup na kuryente

**Ipinapakita ng aming wildfire safety progress map kung paano kami bumubuo ng mas matibay at mas maaasahang sistema at binabawasan ang epekto ng pagkawala ng kuryente malapit sa inyo. Ipinapakita ng online map ang:**

- Mga hakbang para bawasan ang lawak at tagal ng pagkawala ng kuryente
- Mga Microgrid
- Mga gawaing pag-iwas sa panganib
- Mga proyektong paglalagay ng linya ng kuryente sa ilalim ng lupa




Hanapin ang inyong address ngayon.
Bisitahin ang **pge.com/progressmap**.

Para sa suporta sa pagsasalin sa 240+ na wika, o para humiling ng na-ka-print na materyales sa Braille, malalaking print o audio, tumawag sa **1-800-743-5000.**

Mensahe na binayaran ng mga mamimili.

Ang "PG&E" ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang subsidyaryo ng PG&E Corporation. ©2026 Pacific Gas and Electric Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. CCC-0326-6466. 03/05/2026.